GUARDIANSHIP BOARD

**Mga Kasalukuyan at Pinaplanong Hakbang**
**sa Pagtataguyod ng Pagkakapantay-pantay ng Lahi**

**Guardianship Board**

Ang Guardianship Board (GB) ay isang legal na malahudisyal na hukuman (quasi-judicial tribunal) ng Hong Kong Special Administrative Region at tumatakbo sa ilalim ng Part IVB ng Mental Health Ordinance, Cap. 136. Ang pangunahing tungkulin nito ayon sa batas ay ang pagsasagawa ng mga pagdinig para makagawa ng mga pasya sa pagtatalaga ng guardian sa mga taong nasa edad 18 pataas na walang kakayahang magpasya.

| | |
|---|---|
| **Mga Nauugnay na Serbisyo** | • Nagtatakda ang GB ng mga hakbang na magbibigay-daan sa mga tao ng iba't ibang lahi na magkaroon ng pantay-pantay na akses sa serbisyo ng GB. Maaaring magtanong ang mga miyembro ng publiko sa GB Secretariat ukol sa mga aplikasyon para sa pagiging guardian at sa mga nauugnay na isyu. |
| **Mga Kasalukuyang Hakbang** | • Gumagamit ang GB ng Tsino at/o Ingles sa pagbibigay nito ng serbisyo.<br>• Magsasaayos ang GB ng serbisyo sa interpretasyon/pagsasalin kung kinakailangan at naaangkop sa walong wika, Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Urdu, Tagalog, Thai at Vietnamese sa pamamagitan ng Centre for Harmony and Enhancement of Ethnic Minority Residents (CHEER) sa ilalim ng Hong Kong Christian Service o iba pang tagapagbigay ng serbisyo. |
| **Pagtataya ng trabaho sa hinaharap** | • Tatayain ng GB ang serbisyo nito sa pana-panahon at magsasagawa ng mga pagbabago kung kinakailangan. |
| **Karagdagang hakbang na isasagawa** | • Mangongolekta ang GB ng datos at mga estadistika ukol sa mga pangangailangan at paggamit ng mga serbisyo sa interpretasyon ng mga tao ng iba't ibang lahi upang sukatin ang epekto ng mga isinagawang hakbang. |

Para sa mga tanong tungkol sa mga hakbang sa itaas, makipag-ugnayan sa Senior Legal Counsel sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan: -

Tel no.: (852) 2369 1999
Fax no.: (852) 2739 7171
Email: gbenquiry@adultguardianship.org.hk
Postal address: Unit 807, 8/F, Hong Kong Pacific Centre
28 Hankow Road
Tsimshatsui, Kowloon
Hong Kong

**Guardianship Board Secretariat**
**Hunyo 2026**